Mensahe Anim

## Ang Paghahanda ng Kasintahang Babae

Babasahin sa Kasulatan: Apoc. 19:7-9, 11-21; 21:2

**I. Ang kasal ng Kordero ay ang kinalabasan ng pagkumpleto ng Bagong Tipang eonomiya ng Diyos, yaon ay ang matamo para kay Kristo ang isang kasintahang babae, ang ekklesia, sa pamamagitan ng Kanyang pambatas na pagtutubos at ng Kanyang organikong pagliligtas sa Kanyang dibinong buhay—Gen. 2:22; Rom. 5:10; Apoc. 19:7-9; 21:2, 9-11.**

**II. Ang pagbabawi ng Panginoon ay para sa paghahanda ng kasintahang babae ni Kristo, na binubuo ng lahat ng Kanyang mga mandaraig—19:7-9; cf. Gen. 2:22; Mat. 16:18:**

- A. Lahat ng mga mandaraig ay magiging ang Bagong Herusalem bilang ang kasintahang babae ni Kristo sa loob ng isang libong taon sa panimula at sariwang yugto nito—Apoc. 19:7.
- B. Kalaunan, lahat ng mga mananampalataya ay makakasama ng mga mandaraig upang pasukdulin at kumpletuhin ang Bagong Herusalem nang lubos bilang ang asawang babae ni Kristo sa bagong langit at bagong lupa sa walang hanggan—21:2, 9-11.

**III. Ang pagiging handa ng sama-samang kasintahang babae ay nakasalalay sa paggulang sa buhay ng mga mandaraig—19:7-9; Heb. 6:1; Fil. 3:12-15; Efe. 4:13-15:**

- A. Sa Bagong Tipan ang salitang *pasakdalin* ay ginamit upang tukuyin ang mga mananampalataya sa pagiging lubusang lumago, gumulang, at napasakdal sa buhay ng Diyos, nagpapahiwatig na kailangan nating lumago at gumulang tungo sa kasakdalan sa dibinong buhay—Mat. 5:48.
- B. Kailangan nating magpatuloy na lumago hanggang sa tayo ay gumulang sa dibinong buhay upang maging isang taong lubusang lumago, umaabot sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Kristo—Efe. 4:13.
- C. Upang ang kasintahang babae ay gumulang, ang kanyang pananampalataya at pag-ibig ay kailangang lubusang mapaunlad—Tito 3:15:
  1. Ang pananampalataya at pag-ibig ay dalawang di-mapaghihiwalay, mga ekselenteng katangian ng mga mananampalataya kay Kristo—1 Tim. 1:14; 2 Tim. 1:13; Gal. 5:6.
  2. Sa pamamagitan ng pananampalataya ay natatanggap natin ang Panginoon, at sa pamamagitan ng pag-ibig ay natatamasa natin ang Panginoon na ating natanggap—Juan 1:12; 14:21; 21:15-17:
     - a. Ang pananampalataya ay ibinigay sa atin ng Diyos upang sa pamamagitan nito ay matanggap natin si Kristo, ang pagsasakatawan ng Tres-unong Diyos, at sa gayon ay makapasok sa Tres-unong Diyos at maihugpong sa Kanya bilang isa, tinataglay Siya bilang ating buhay, panustos ng buhay, at lahat-lahat—2 Ped. 1:1.
     - b. Ang pag-ibig ay nagmumula sa pananampalataya at sinasanhi tayo na ipamuhay ang lahat ng mga kayamanan ng Tres-unong Diyos kasama niyaong mga nanampalataya kay Kristo upang ang Tres-unong Diyos ay magkaroon ng isang maluwalhating sama-samang kahayagan—Efe. 3:19-21.

**IV. Karagdagan sa pagiging gumulang sa buhay, ang kasintahang babae ay dapat maitayo bilang isang sama-samang persona—Mat. 16:18; Efe. 2:21-22; 4:15-16; Apoc. 19:7; 1:2:**

A. Ang pagtatayo ng Diyos ay ang kanaisan ng puso ng Diyos at ang gol ng kaligtasan ng Diyos—Efe. 1:5, 9; Exo. 25:8; 1:11; 40:2-3, 34-35.
B. Ninanais ng Diyos na magkaroon ng isang pagtatayo kung saan ang Diyos at ang tao, ang tao at ang Diyos, ay myutwal na makakapanahan sa isa't isa—Juan 15:4a; Apoc. 21:2-3, 22.
C. Ang prinsipyo ng pagtatayo ng Diyos ay yaong itinatayo ng Diyos ang Kanyang sarili tungo sa loob ng tao ang itinatayo ang tao tungo sa loob ng Kanyang sarili—Juan 14:20; 1 Juan 4:15:
   1. Ang paghahalo ng Diyos ng Kanyang sarili sa tao ay ang pagtatayo ng Diyos ng Kanyang sarili tungo sa loob ng tao.
   2. Ang paghahalo ng tao sa Diyos ay ang pagiging naitayo ng tao tungo sa loob ng Diyos—Efe. 3:17.
D. Ang maitayo kasama ang mga kapwa mananampalataya ay ang supremo at pinakamataas na kahilingan ng Panginoon sa Kanyang mga tapat na naghahanap—4:15-16.
E. Ang pagiging naitayo kasama ang mga kapwa nakikibahagi ng dibinong buhay ay ang pinakamataas na katangian ng isang naghahabol kay Kristo sa walang hanggang ekonomiya ng Diyos—1 Tim. 1:4.

**V. Ang damit pangkasal ng kasintahang babae ay yari sa "pinong lino, matingkad at malinis"—Apoc. 19:7-8:**

A. *Malinis* ay tumutukoy sa kalikasan, at *matingkad* ay tumutukoy sa kahayagan.
B. Ang pinong lino na isinuot ng kasintahang babae ay "ang mga katuwiran ng mga banal"—b. 8:
   1. Si Kristo ay ang katuwiran kung saan tayo ay inaring matuwid ng Diyos upang tayo ay maisilang na muli sa ating espiritu upang matanggap ang dibinong buhay—1 Cor. 1:30; Rom. 8:10:
      a. Bilang ang ating obhektibong katuwiran, si Kristo ang Isa kung kanino tayo ay inaring matuwid ng Diyos—3:24, 28; 5:1, 9; 4:25; 5:16, 18.
      b. Bilang ang ating subhektibong katuwiran, si Kristo ay ang Isa na nananahan sa loob natin upang mamuhay para sa atin ng isang buhay na pwedeng ariing matuwid ng Diyos at laging katanggap-tanggap sa Diyos—Mat. 5:6, 20.
   2. Kung nais nating masumpungan sa loob ni Kristo, dapat nating tuparin ang kundisyon na hindi tinataglay ang ating sariling katuwiran kundi sa halip ay magtaglay ng isang katuwiran na hindi sa atin—isang katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo, ang katuwiran na galing sa Diyos at batay sa pananampalataya—Fil. 3:9.
   3. Si Kristo na naipamuhay ng mga banal bilang kanilang subhektibong katuwiran ay nagiging ang kanilang damit pangkasal—Apoc. 19:8:
      a. Ang katuwiran na tinanggap natin para sa ating kaligtasan ay obhektibo at sinasanhi tayo na matugunan ang kahilingan ng matuwid na Diyos, samantalang ang mga katuwiran ng mga mandaraig na banal ay subhektibo ay sinasanhi sila na matugunan ang kahiligan ng nananaig na Kristo—1 Cor. 1:30; Fil. 3:9.
      b. Ang damit pangkasal sa Mateo 22:11-13 ay sumasagisag kay Kristo na ating ipinamuhay at naihayag sa ating pang-araw-araw na pamumuhay bilang ating humihigit na katuwiran—5:20; Apoc. 3:4-5, 18.

**VI. Para sa pagtatanghal ng kasintahang babae sa Kasintahang Lalaki, kailangan ng kasintahang babae ang kagandahan—A.A. 1:15-16; 4:1, 7:**

A. Sa Awit ng mga Awit ang mangingibig at ang Sinisinta ay kapwa nagtataglay ng kagandahan, at kanilang hinangaan ang kagandahan sa isa't isa—1:15-16; 4:1-5, 7.

B. Sinasabi ng Efeso 5:27 ang kagandahan ng kasintahang babae, inihahayag na si Kristo ay "itatanghal ang ekklesia sa Kanyang sarili na maluwalhati, walang dungis o kulubot o anumang mga gayong bagay, bagkus siya ay maging banal at walang kapintasan."

C. Ang kagandahan ng kasintahang babae ay nagmumula sa Kristong naisagawa tungo sa ekklesia at pagkatapos ay naihayag sa pamamagitan ng ekklesia—3:17a.

D. Ang tanging kagandahan natin ay ang pagsinag palabas ni Kristo mula sa loob natin; ang hinahangaan ni Kristo sa atin ay ang kahayagan ng Kanyang sarili—Aw. 50:2.

E. "Makikita ng Iyong mga mata ang Hari sa Kanyang kagandahan" (Isa. 33:17a); "nanaisin ng Hari ang iyong kagandahan" (Aw. 45:11a).

F. "Ikaw ay kasing ganda, irog ko, ng Tirzah, / Kasing yumi ng Herusalem, / Nakakatakot gaya ng isang hukbo na may mga watawat"—A. A. 6:4.

**VII. Ang kasintahang babae ay dapat ding maging isang mandirigma para sa paglupig ng kaaway ng Diyos—Efe. 6:10:**

A. Sa Efeso 5:25-27 at 6:10-20 makikita natin ang ekklesia bilang ang kasintahang babae at ang mandirigma; sa Apocalipsis 19 ay taglay din natin ang dalawang aspetong ito ng ekklesia.

B. Sa araw ng Kanyang kasal, pakakasalan ni Kristo yaong mga nakikipagbaka sa digmaan laban sa kaaway ng Diyos sa maraming taon; yaon ay, pakakasalan ni Kristo ang mga mandaraig, na mga dumaig sa masamang isa—bb. 7-9; 1 Juan 2:14.

C. Si Kristo ay darating bilang isang nakikipagdigmang Heneral kasama ang Kanyang kasintahang babae bilang ang Kanyang hukbo upang labanan si Antikristo sa Armageddon—Apoc. 19:11-21:

1. Pagdating ni Kristo kasama ang Kanyang hukbo, Siya ay darating bilang ang Anak ng Tao—Mat. 26:64; Apoc. 14:14.
2. Bilang ang Anak ng Tao, kakailanganin Niya ang isang kapareha upang tumugma at kumpletuhin Siya; ang kaparehang ito ay magiging ang Kanyang kasintahang babae—Juan 3:29.
3. Sapagkat ang Panginoon ay ang Salita, ang Kanyang pakikipaglaban ay ang pagsasalita ng salita ng Diyos—Apoc. 19:13:
   a. Habang ang Panginoon ay nakikipaglaban, Siya ay nagsasalita para sa Diyos at inihahayag ang Diyos.
   b. Ang pakikipaglaban ng Panginoon sa Armageddon ay magiging isang makapangyarihang pagsasalita.
4. Ang damit pangkasal—si Kristong naibuhay palabas sa atin bilang ating pang-araw-araw na katuwiran—ay pinapaging dapat tayo na hindi lamang dumalo sa kasalan bagkus ang makasama rin sa hukbo upang makipagbaka kasama si Kristo laban kay Antikristo sa digmaan sa Armageddon—Mat. 22:11-12; Apoc. 19:7-8, 14.

**VIII. Ang sama-samang Kristo, si Kristo kasama ang Kanyang mandaraig na kasintahang babae, ay darating bilang isang bato upang durugin ang kabuuan ng pantaong pamahalaan upang dalhin papasok ang kaharian ng Diyos—Dan. 2:34-35; Joel 3:11; Apoc. 19:11-21; cf. Gen. 1:26:**

A. Samantalang ang Daniel 2 ay nagsasabi hinggil kay Kristo na darating bilang isang bato na pinutol hindi ng kamay, nagsasabi ang Apocalipsis 19 hinggil kay Kristo na darating bilang ang Isa na taglay ang Kanyang kasintahang babae bilang ang Kanyang hukbo.

B. Bago bumaba si Kristo sa lupa upang tuusin si Antikristo at ang kabuuan ng pantaong pamahalaan, Siya ay ikakasal, ihuhugpong ang Kanyang mga mandaraig sa Kanyang sarili bilang isang entidad—bb. 7-9.

C. Pagkatapos ng Kanyang kasal, ang Panginoon ay darating kasama ang Kanyang bagong pinakasalang kasintahang babae upang puksain si Antikristo, na kasama ang kanyang hukbo ay direktang makikipagbaka laban sa Diyos—bb. 11, 13-15; 2 Tes. 2:2-8:

   1. Ang Panginoong Hesus, ang Salita ng Diyos, ay papatayin si Antikristo, ang tao ng kalapastanganan, sa pamamagitan ng hininga ng Kanyang bibig—Apoc. 19:13-15; 2 Tes. 2:2-8.
   2. Mula sa bibig ni Kristo ay lalabas ang isang matlim na tabak, na sa pamamagitan nito ay Kanyang hahampasin ang mga bansa—Apoc. 19:15a; cf. 1:16; 2:12, 16.

D. Pagkatapos durugin ang pantaong pamahalaan, lilinisin ng Diyos ang buong sansinukob; pagkatapos ang sama-samang Kristo, si Kristo kasama ang Kanyang mga mandaraig, ay magiging isang dakilang bundok upang punuin ang buong lupa, ginagawa ang buong lupa na kaharian ng Diyos—Dan. 2:35, 44; 7:22, 27; Apoc. 11:15.